OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED 08/04/2020
BY
TIME



**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 41**
**Serye 2020**

**PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-4 NG AGOSTO HANGGANG SA ANG KLASIPIKASYONG PANGKUWARENTINANG *MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (MECQ)* AY MABAGO.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa deklarasyon ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas noong 2 Agosto 2020, batay sa rekomendasyon ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases, ang Lalawigan ng Bulacan ay muling isinailalim sa klasipikasyong pangkuwarentinang Modified Enhanced Community Quarantine;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 15 Artikulo II ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987, dapat itaguyod at pangalagaan ng Estado ang karapatan sa kalusugan ng mga mamamayan at ikintal ang kamalayang kalusugan sa kanila;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas 1991, nararapat na siguraduhin at suportahan ng mga pamahalaang lokal ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mamamayan bilang bahagi ng pangkalahatang kapakanan sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. MULING PAGPAPATUPAD NG TWO-DAY WINDOW PERIOD AT NG PAGGAMIT NG HOME QUARANTINE PASS.** Upang mapaigting ang pag-iingat sa mga Malolenyo sa pamamagitan ng paglilimita ng paglabas ng bahay, muling ipatutupad ang two-day window period at ang paggamit ng home quarantine pass.

Bilang gabay ng lahat, lakip ng Atas na ito bilang Annex I ang clustering ng mga barangay na ating ipinatupad mula noong panahon ng ECQ at muling ipatutupad ngayong ang Lungsod ay nasa ilalim ng MECQ mula ika-4 na Agosto 2020 hanggang sa ang klasipikasyong pangkuwarentina ng Lungsod ay mabago.

Bukod sa mga Authorized Persons Outside Residences, isa lamang sa bawat bahay ang pahihintulutang makalabas ayon sa two-day window period upang makabili o makapagsagawa ng transaksiyon sa mga establisyimentong pinahihintulutang magbukas.

Ang lahat ng establisyimentong may pahintulot na magbukas ay muling tinatagubilinang tanging ang mga APOR at mga residente ng Lungsod ng Malolos na napagkalooban ng home quarantine pass lamang ang maaaring papasukin sa kanilang mga establisyimento. Magkagayunman, ang mga bangko, ospital, klinika, at tanggapan ng gobyerno ay maaaring tumanggap ng mga hindi residente ng Malolos na makapagpapakita ng quarantine pass mula sa kanilang Pamahalaang Bayan o Pamahalaang Lungsod o ng travel authority mula sa awtorisadong kinatawan ng Philippine National Police.

**SEKSYON I.1 MGA AUTHORIZED PERSON OUTSIDE RESIDENCES (APOR).** Ang mga APOR ay ang mga sumusunod:

1. Frontliners at healthworkers;
2. Mga opisyal at kawani ng mga ahensiya ng Pamahalaan;
3. Mga manggagawa/manininda ng mga establisyimentong may pahintulot nang magbukas;
4. Mga Opisyal at kawani ng mga foreign diplomatic missions and international organizations;
5. Mga Pastor, Pari, Imam at iba pang ministrong pang-relihiyon kaugnay sa kanilang pagsasagawa ng funeral rites;
6. Mga nagbabalik na Overseas Filipino Workers, sa araw na itinalagang kanilang pag-uwi sa Lungsod ng Malolos;
7. Mga indibidwal na may edad 21-59, na hindi kasama sa mga nabanggit, na napagkalooban ng quarantine pass.

**SEKSIYON I.2** Sa lahat ng pagkakataon, ang mga may pahintulot na lumabas ay nararapat na magsuot ng face mask at sumunod sa mga ipinatutupad na panuntunin patungkol sa physical distancing.

**SEKSYON I.3 FRONTLINER'S SUNDAY.** Bilang pagpapahalaga sa dedikasyon ng mga frontliners tungo sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga coronavirus patients, inilalaan ang araw ng Linggo para sa mga Frontliners. Tanging ang mga frontliners ang pahihintulutang makapasok sa mga establisiyimento tuwing araw ng Linggo.

**SEKSYON II. MAHIGPIT NA PAGRE-REPORT SA MGA BARANGAY OFFICIALS NG LAHAT NG BALIKBAYAN AT MGA MALOLENYONG NAGBALIK MULA SA IBANG BAYAN.** Lahat ng Balikbayan, mga Malolenyong nagbalik mula sa ibang bayan, at mga Malolenyong stranded sa ibang bayan na nagbalik sa Lungsod ay inaatasang

makipag-ugnayan sa pamahalaang barangay na nakasasakop na kanilang tirahan upang masiguro ang pagtupad sa *14-day quarantine protocol*.

**SEKSYON II.1** Ang lahat ng Balikbayan o OFW na magbabalik sa Lungsod ng Malolos ay nararapat na makapagpakita ng quarantine clearance at medical certificate bago makapasok sa Lungsod. Magkagayunman, sila ay isasailalim pa rin sa 14-day home quarantine sa kanilang pagdating sa Lungsod.

**SEKSYON II.2** Ang lahat ng Malolenyo na naipit sa ibang lugar ngayong panahon ng community quarantine o mga *locally stranded individuals*, alinsunod sa National Task Force Against COVID-19 Order No. 2020 – 02, ay nararapat na kumuha ng medical certificate sa Municipal Health Officer o City Health Officer ng bayan o lungsod kung saan sila ay stranded; at ng travel authority mula sa awtorisadong kinatawan ng Philippine National Police.

**SEKSYON III. REGULASYON PATUNGKOL SA MGA PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON.** Tanging ang mga public utility tricycle lamang at mga Point-to-Point Buses ang pinahihintulutang sasakyang pampasada ngayong panahon ng MECQ. Sa lahat ng pagkakataon, isang tao lamang ang maaaring maging pasahero ng tricycle. Samantalang, hanggang kalahati lamang ng kapasidad ng Point-to-Point Buses maaaring sumakay sa Point-to-Point.

**SEKSYON III.1 PAMANTAYANG PANGKALUSUGAN**. Ang mga tsuper ng pampublikong transportasyon ay kinakailangang sundin ang mga sumusunod:

1. Ang pagsusuot ng face mask, goggles o anumang proteksyon sa mata at gloves sa lahat ng oras;
2. No facemask, no ride policy. Tanging mga may face mask lamang ang maaaring pasakayin sa mga pampublikong sasakyan;
3. Maglagay ng pisikal na harang sa pagitan ng motor at sidecar;
4. Para sa mga Point-to-Point Buses, sundin ang sapat na pagitan ng mga pasahero batay sa guidelines ng DOTr.
5. Magsagawa ng kinakailangang paglilinis o disinfection sa pagitan ng pamamasada o kaya'y habang nasa terminal sa mga parte ng sasakyan na laging nahahawakan, gaya ngunit hindi lamang, ng upuan, tagiliran, patungan ng kamay or armrest at salalayan ng gamit; at
6. Ang Pagkuha ng temperature ng mga mananakay gamit ang mga thermal scanner ay nararapat na isagawa sa lahat ng terminal ng pampublikong sasakyan.

**SEKSYON III.2** Ang Fare Matrix ay dapat na nakapaskil sa loob ng bawat traysikel.

**SEKSYON III.3 ODD EVEN SCHEME PARA SA MGA TRAYSIKEL.** Ang mga pampublikong traysikel ay susunod sa odd-even scheme base sa huling numero ng body number ng traysikel:

| ARAW | HULING NUMERO NG BODY NUMBER |
|---|---|
| Lunes, Miyerkules, Biyernes | 1,3,5,7,9 |
| Martes, Huwebes, Sabado | 0,2,4,6,8 |

**SEKSYON IV. MGA ESTABLISYIMENTO / INDUSTRIYA NA PINAHIHINTULUTANG MAGBUKAS NGAYONG MECQ.** Lakip ng Atas na ito bilang Annex II, ang Annex A ng Memorandum Circular No. 20-44 Series of 2020 ng Department of Trade and Industry na naglalahad ng mga establisyimentong may pahintulot na magbukas ngayong MECQ. Makikita sa nasabing tala maging ang porsiyento ng operational capacity na pinapayagan.

**SEKSYON IV.1 MGA ESTABLISYIMENTO / INDUSTRIYA NA HINDI PINAHIHINTULUTANG MAGBUKAS NGAYONG MECQ.** Bilang gabay, ang mga sumusunod na establisyimento ay walang pahintulot na magbukas ngayong MECQ:

1. Dine-in restaurants (tanging delivery at take out lamang ang pinapayagan)
2. Public and Private Constructions na *hindi essential* base sa Annex A ng Memorandum Circular No. 20-44 Series of 2020 ng DTI
3. Barbershops and Salons
4. Lahat ng establisyimentong naghahatid ng personal care and and aesthetic procedures
5. Gyms / Fitness Studios and Sports Facilities
6. Testing and Tutorial Centers
7. Review Centers
8. Internet Cafes / Computer Shops
9. Drive-in cinemas
10. Pet grooming services
11. Language, driving, dance/acting/voice schools
12. Entertainment industries
13. Libraries, archives, museums and cultural centers
14. Tourist destinations (halimbawa: water parks, beaches, resorts)
15. Travel agencies, tour operators, reservation services, and related activities
16. Full-body massage
17. Tattoo and body piercing
18. Live Events

Sumusunod ang mga establisyimento na hindi maaaring magbukas habang nasa ilalim ng anumang klasipikasyong pangkuwarentina ang Lungsod:

1. Traditional cockfighting and operation of cockpits
2. Beerhouses & similar establishments whose primary business is serving alcoholic drinks

3. Kid amusement industries

**SEKSYON V. REGULASYON PATUNGKOL SA MGA MALL AT SHOPPING CENTER**. Ang mga malls at shopping center ay pinahintulutang magbukas hanggang sa 50% ng kanilang operational capacity lamang. Ang patuloy na pagtalima sa Department of Trade and Industry – Memorandum Circular No. 20 – 21 ay tinatagubilin.

Ang mga may edad 20 pababa at 60 pataas, mga may immunodeficiency, comorbidity, mga nagdadalang-tao, at may mga health risks, ay makapapasok lamang sa mga malls at shopping centers kung sila ay napagkalooban ng quarantine pass- i.e. sila ay walang ibang kasama sa bahay na mayroong home quarantine pass upang makabili ng mga pangunahing pangangailangan.

Tanging mga APOR at ang mga residente ng Malolos na napagkalooban na quarantine pass lamang ang maaaring makapasok sa mga Mall at Shopping Centers.

**SEKSYON VI. PAGSASAGAWA NG CONTACT TRACING NG MGA ESTABLISYIMENTO AT TANGGAPAN NGAYONG MECQ; PAGPAPATUPAD NG MINIMUM HEALTH PROTOCOLS.** Alinsunod sa Memorandum Circular No. 20-44 Series of 2020 ng Department of Trade and Industry, ang lahat ng establisyimentong may pahintulot na magbukas ay kinakailangan magrehistro sa anumang IATF-endorsed tracing application gaya ng Safepass or StaySafePH or gamit ang contact tracing forms na lakip ng Atas na ito bilang Annex III-1 at Annex III-2.

Gayundin, ang mga establisyimentong bukas ngayong MECQ ay tinatagubilinan na ipatupad ang mga sumusunod:

1. No Mask, no entry policy;
2. No quarantine pass / travel authority, no entry policy;
3. Pagsasagawa ng regular na disinfection na hindi bababa sa isang beses isang linggo;
4. Pagpapatupad ng social distancing;
5. Hindi pagpapapasok ng mga empleyado na mayroong sintomas ng coronavirus;
6. Paglalagay ng alcohol sa mga pasukan ng establisyimento;
7. Hindi pagpapapasok ng mga indibidwal na mayroong temperature na 37.8 pataas;

**SEKSYON VII. OPERASYON SA MGA OPISINA NG GOBYERNO**. Ang mga opisina ng gobyerno ay maaaring magbigay ng serbisyo gamit ang kanilang skeletal workforce o iba pang alternatibong paraan ng paggampan sa mga tungkulin.

**SEKSYON VIII. PAMANTAYAN PATUNGKOL SA MGA *MASS GATHERING*.** Ang Tanging mga pagtitipon na patungkol sa pagbibigay ng kritikal na serbisyo ng pamahalaan at *humanitarian activities* na may pahintulot ng pamahalaang lokal ang maaaring ganapin ngayong MECQ. Ang mga *religious gathering* ay pinahihintulutan sa kondisyong hindi lalagpas sa limang (5) katao lamang ang dadalo. Hindi pinahihintulutan ang mga pagtitipon gaya ng konsiyerto, panunuod ng sine, sporting events, community assemblies at iba pang walang kaugnayan sa pagtupad sa mga gampanin ng mga APOR.

**SEKSYON IX. MAHIGPIT NA PAGPAPATUPAD NG ISOLATION NG MGA INDIBIDWAL NA *"COVID-19 SUSPECTS"*.** Ang sinumang matukoy ng Contact Tracing Team ng Lungsod na nagkaroon ng close contact sa isang *COVID-19 patient* at nagpakita ng sintomas ng coronavirus na walang sariling bukod na silid sa kanyang tahanan at natukoy ng mga manggagamot na hindi kailangan ng pagpapaospital ay agarang dadalhin ng Contact Tracing Team ng Lungsod sa isa sa mga *isolated facilities* ng Lungsod.

Ang Kapulisan at ang Tanggapang ng Panlungsod na Manananggol ay maaaring magsampa ng kaukulang kaso sa ilalim ng Republic Act 11332 na mas kilala bilang "Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act" para sa mga hindi tatalima sa alituntuning ito.

**SEKSYON X. PAG-INOM NG ALAK / PAGSUSUGAL.** Sa kadahilanang patuloy na tumataas ang bilang ng kaso ng COVID-19 sa Lungsod, pinagbabawal ang pagkonsumo ng anumang inuming nakalalasing. Gayundin, ang pagsusugal ay hindi pinahihintulutan habang ang Lungsod ay nasa ilalim ng *Modified Enhanced Community Quarantine.*

**SEKSYON XI. CURFEW.** Maliban sa mga APOR at sa mga indibidwal na mayroong travel authority mula sa PNP, mananatili ang curfew mula ika-walo ng gabi hanggang ika-lima ng umaga (8PM-5AM). Ito ay bilang pagbibigay-daan sa mas pinahabang oras ng pagbubukas ng mga establisiyimento alinsunod sa IATF Guidelines.

**SEKSYON XII. PAGKAKAROON NG QUARANTINE CHECKPOINTS.** Muling ipatutupad ang mga checkpoint sa mga borders ng Lungsod. Ang mga Punong Barangay ay inaatasang magpatupad na barangay checkpoint na pangungunahan ng kani-kanilang mga Barangay Tanod. Magkagayunman, nararapat siguruhin na hindi magkakaroon ng hadlang ang mga pagbiyahe o paghahatid ng serbisyo na pinahihintulutan sa mga lugar na nasa ilalim ng MECQ.

**SEKSYON XIII. BARANGAY CONTACT TRACING TEAM AT BARANGAY HEALTH EMERGENCY RESPONSE TEAM.** Inaatasan ang mga Punong Barangay na magbuo ng Barangay Contact Tracing Team alinsunod sa advisory ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal. Kasabay nito, ang mga Barangay Health Emergeny Response Team ay nararapat na gawing aktibo upang maging katuwang ng Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot sa pagpapatupad ng mga hakbangin patungo sa pagmomonitor ng mga kaso ng coronavirus at mga katatayuang pangkalusugan ng bawat barangay.

**SEKSYON XIV. KAPARUSAHAN.** Ang sinumang lalabag sa Atas na ito ay maaaring sampahan ng kaukulang kaso ng Kapulisan o ng Tanggapan ng Panglungsod na Manananggol.

**SEKSYON XV. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD.** Anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, lalo't higit ng Pamahalaang Nasyunal, ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON XVI. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

**SEKSYON XVII. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay maybisa sa sandaling ito ay malagdaan.

Nilagdaan ngayong ika-3 ng Agosto, 2020. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

**ANNEX I**

## TWO-DAY WINDOW PERIOD CLUSTERS

| MONDAY AND THURSDAY | TUESDAY AND FRIDAY | WEDNESDAY AND SATURDAY |
|---|---|---|
| ANILAO | BAGONG BAYAN | BARIHAN |
| ATLAG | BABATNIN | BULIHAN |
| CALILIGAWAN | BAGNA | BUNGAHAN |
| CANALATE | BALAYONG | CANIOGAN |
| DAKILA | BALITE | LIGAS |
| LOOK 2ND | BANGKAL | LONGOS |
| MABOLO | CAINGIN | LUGAM |
| MASILE | CALERO | MAMBOG |
| MATIMBO | CATMON | NIUGAN |
| MOJON | COFRADIA | PAMARAWAN |
| SAN AGUSTIN | GUINHAWA | PANASAHAN |
| SAN JUAN | LIANG | SUMAPANG BATA |
| SAN PABLO | LOOK 1ST | SAN GABRIEL |
| SAN VICENTE | NAMAYAN | TAAL |
| STMA. TRINIDAD | PINAGBAKAHAN | TIKAY |
| STIO. CRISTO | SUMAPANG MATANDA | |
| STO. ÑINO | SANTIAGO | |
| STO. ROSARIO | SANTOR | |

# ANNEX II

## ANNEX A: CATEGORY I - IV AND NEGATIVE LIST OF BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES

*(as of 31 July 2020)*

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| **CATEGORY I** | | | | |
| Agriculture, Forestry, and Fisheries | 100% | 100% | 100% | 100% |
| Manufacturing of essential goods: | | | | |
| • Food and Beverages *(only non-alcoholic drinks)* | 50-100% may increase if supply level warrants higher capacity; as may be approved by the DTI | 100% | 100% | 100% |
| • Essential and Hygiene Products<br>> Soap, detergents, shampoo, and conditioners<br>> Diapers, feminine hygiene products, toilet papers, wet wipes<br>> Disinfectants | 50-100% may increase if supply level warrants higher capacity; as may be approved by the DTI | 100% | 100% | 100% |
| • Medicines and Vitamins | 100% | 100% | 100% | 100% |
| • Medical Products, such as: PPEs, Masks, Gloves, Others; medical supplies, devices and equipment, including suppliers of input, packaging and distribution | 100% | 100% | 100% | 100% |
| • Pet food, Feeds, and Fertilizer | 50% | 100% | 100% | 100% |
| Essential Retail (e.g., groceries, markets, convenience stores, drug stores) | 50% | 100% | 100% maximum operating hours up to 11 PM | 100% |
| Food preparation insofar as take-out and delivery services | 50% | 100% | 100% maximuim operating hours up to 11 PM | 100% |
| Water-Refilling Stations | 50% | 100% | 100% | 100% |
| Laundry Services (including self-service) | 50% | 100% | 100% | 100% |
| Public and private hospitals | 100% | 100% | 100% | 100% |
| Health, emergency and frontline services such as dialysis centers, chemotherapy centers and the like | 100% | 100% | 100% | 100% |
| Other medical, dental, rehabilitation and optometry clinics, non-aesthetic dermatological clinics, EENT; *Provided there is strict observance of infection prevention and control protocols, Provided further that dental procedures shall be limited to emergency cases only and that the wearing of PPE by dentists and attendants shall be mandatory. Home service therapy for PWD shall be allowed* | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Logistics Service Providers (Cargo Handling, Warehousing, Trucking, Freight Forwarding, and Shipping Line) | 100% | 100% | 100% maximum operating hours allowed up to 1 AM | 100% |
| Delivery and courier services, whether in-house or outsourced transporting food, medicine, or other essential goods, including clothing, accessories, hardware, house wares, school and office supplies, as well as pet food and other veterinary products | 100% | 100% | 100% maximum operating hours allowed up to 1 AM | 100% |
| Water supply and sanitation services and facilities, including waste disposal services, as well as property management and building utility services | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Establishments engaged in repair and maintenance of machinery and equipment, including those engaged in the repair of computers and household fixtures and equipment; | skeleton | 100% | 100% | 100% |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY

JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| Telecommunications companies (e.g., ISPs, cable providers, teclo 3rd party contractors) | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Energy and power companies (incl. 3rd party contractors) across transmission, distribution, maintenance, retail, exploration, operations, trading and delivery of raw materials (incl. refineries and depots) | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Gasoline Stations | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Workers accredited by the DOTr to work on utility relocation works, and specified limited works across thirteen (13) railway projects, including replacement works for the Metro Manila Rail Transit System Line 3 | skeleton with on-site or near-site accommodations and/or point-to-point shuttle services whenever applicable | 100% | 100% | 100% |
| Airline and aircraft maintenance, pilots and crew, and employees of aviation schools for purposes of the pilot's recurrent training for flight proficiency and type rating using simulator facilities; and ship captains and crew, including shipyard operations and repair | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Public and private construction projects that are essential (i.e., quarantine and isolation facilities for PUMs, and suspect, and confirmed COVID-19 patients, facilities for the health sector including those dealing with PUMs and suspect, and confirmed COVID-19 patients, facilities for construction personnel who perform emergency works, flood control, and other disaster risk reduction and rehabilitation works, sewerage projects, water service facilities projects, and digital works, health facilities). Priority public and private construction projects, defined as those that refer to food production, agriculture, fishery, fishport development, energy, housing, communication, water utilities, manufacturing, and BPO, subject to guidelines to be issued by the DPWH | 100% only major public construction projects | 100% except small scale projects | 100% | 100% |
| Manufacturing companies and suppliers of equipment or products necessary to perform construction works, such as cement and steel | 100% only suppliers of major public construction projects | 100% | 100% | 100% |
| Business Process Outsourcing (BPO) and Export-oriented companies, including mining and quarrying | 100% WFH; on-site or near site accommodation or point-to-point shuttle service | 100% without need to set up on-site or near site accommodation or point-to-point shuttle service | 100% | 100% |
| Printing presses authorized by the BIR or other appropriate agencies to print official receipts and other accountable forms | 100% | 100% | 100% | 100% |
| Media Establishments | 50% | 100% without need for PCOO accreditation | 100% | 100% |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| **CATEGORY II** | | | | |
| Other Manufacturing<br>• Beverages (e.g. alcoholic drinks)<br>• Electrical Machinery<br>• Wood products, Furniture<br>• Non-metallic products<br>• Textiles / Wearing apperels<br>• Tobacco products<br>• Paper and Paper products<br>• Rubber and Plastic products<br>• Coke and Refined Petroleum products<br>• Other non-metallic mineral products<br>• Computer, Electronic and Optical Products<br>• Electrical Equipment<br>• Machinery and Equipment<br>• Motor Vehicles, Trailers and Semi-Trailers<br>• Other Transport Equipment<br>• Others | not allowed | 50% | 100% | 100% |
| Mining and Quarrying | skeleton<br>WFH;<br>on-site or near site accommodation or point-to-point shuttle service | 100%<br>only export-oriented mining companies without need for provision of on-site or near site accommodation | 100%<br>export-oriented<br>50-100%<br>domestic | 100% |
| Electronic commerce companies | 100% | 100% | 100% | 100% |
| Postal, courier and delivery services for articles or products other than *food, medicine, or other essential goods, including clothing, accessories, hardware, house wares, school and office supplies, as well as pet food and other veterinary products* | skeleton | 100% | 100%<br>maximum operating hours allowed up to 1 AM | 100% |
| Hotel and other accomodation establishments | skeleton | skeleton | skeleton | 50% |
| *Guests that may be allowed:* | (a)with long-term bookings and existing booking accommodations for foreigners as of 17 March 2020 for Luzon and 01 May 2020 for other areas guests,<br>(b) with existing long-term bookings;<br>(c) distressed Overseas Filipino Workers (OFWs) and stranded Filipinos or foreign nationals;<br>(d) repatriated OFWs in compliance with approved quarantine protocols;<br>(e) non-OFWs who may be required to undergo mandatory facility-based quarantine; and<br>(f) health care workers and other employees from exempted establishments | | | |
| *Accreditation requirement* | accomodation establishments may operate only upon the issuance of a Certificate of Authority to operate by the DOT | | | only those accredited as provided by law and relevant DOT and DILG issuances may operate, and only upon issuance of a Certificate of Authority to operate by the DOT |
| *Services allowed* | Hotel operations shall be limited to provision of basic accommodation services; accommodation establishments may prepare: (a) packed meals for distribution to guests; and (b) food orders for take-out and delivery | | | |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| *Ancillary estabalishments* | ancillary establishments within the premises such as restaurant, bars, gyms, spas, and the like shall not be allowed to operate or to provide room service | | bars, gyms, spas, and the like shall not be allowed to operate or to provide room service<br><br>restaurants and cafes allowed to operate at 30% venue capacity and maximum operating hours up to 11 PM | |
| Real estate activities (including parking space leasing companies) | skeleton<br>leasing only | 100%<br>leasing<br>50%<br>other real estate activities | 100% | 100% |
| Housing service activities, such as but not limited to plumbing, roofing, and electrical works | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Office Administrative and Office Support (such as photocopying, billing, and record keeping services) | not allowed | 50% | 50-100% | 100% |
| Veterinary Activities | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Security and Investigation Activities | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Funeral and embalming services | skeleton<br>except funeral parlors; and provided there is shuttling service and/or housing accommodation for staff | 100% | 100% | 100% |
| **CATEGORY III** | | | | |
| Banks, money transfer services, pawnshops, microfinance institutions, and credit cooperatives | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Capital markets (e.g., BSP, SEC, PDEC, PDTC, etc.) | skeleton | 100% | 100% | 100% |
| Other financial services (e.g., money exchange, insurance, reinsurance, lending companies, and non-compulsory pension funding) | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Legal and Accounting | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Management Consultancy Activities | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Architecture and Engineering Activities; Technical Testing and Analysis | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Scientific and Research Development | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Advertising and Market Research | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Computer programming (such as writing, modifying, testing and supporting software, planning and designing computer systems), information service activities (such as data processing and hosting activities) and other related activities | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Publishing and printing services (such as printing of newspapers, magazines, and other periodicals, books, brochures, manuscripts, posters, maps, atlases, advertising catalogues, prospectuses, etc; printing directly onto textiles, plastic, glass, metal wood, and ceramics) | not allowed | 50% | 50% | 100% |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| Film, music, and TV production | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Rental and Leasing Activities, other than real estate, e.g., vehicle rental, equipment rental for permitted sectors) | not allowed | 100% | 100% | 100% |
| Employment Activities that involve recruitment and placement for permitted sectors | not allowed | 100% | 100% | 100% |
| Recruitment and placement agencies for overseas employment | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Other services such as photography services; fashion, industrial, graphic, and interior design) | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Wholesale and retail trade of motor vehicles, motorcycles, and bicycles, including their parts and components | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Repair of motor vehicles, motorcycles, and bicycles, (including vulcanizing shops, battery repair shops, auto repair shops, car wash) | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Dining/Restaurants | 50% delivery and take out only | 50% delivery and take out only | 50% for dine-in sevices effective July 21<br>maximum operating hours up to 11 PM | 75% for dine-in sevices effective July 21<br>maximum operating hours up to 11 PM |
| Malls and commercial centers (non-leisure only), subject to guidelines issued by DTI | not allowed | 50% | 50% maximum operating hours up to 11 PM | 100% |
| Non-leisure whole sale and retail establishments (mall-based or otherwise) such as: | | | maximum operating hours up to 11 PM, as applicable | |
| Mall-based government frontline services | skeleton | skeleton | 100% | 100% |
| Hardware stores | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Clothing and accessories | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Bookstores and school and office supplies stores | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Baby or infant care supplies stores | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Pet shops, pet food and pet care supplies | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| IT, communications, and electronic equipment | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Flower, jewelry, novelty, antique, perfume shops | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Toy store (playgrounds and amusement area closed) | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Music stores | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Art galleries (selling only) | not allowed | 50% | 50% | 100% |
| Firearms and ammunition trading establishment | not allowed | 50% subject to strict regulation of the PNP-Firearms and Explosives Office | 50% | 100% |
| All other public and private consrtruction projects, subject to strict compliance to the issued construction safety guidelines for the implementation of infrastructure projects during the COVID-19 pandemic by the DPWH | not allowed | not allowed | 50% | 100% |
| Establishments offering personal care services | | | | |
| Barbershops and Salons | not allowed | not allowed | 50% effective July 16<br>all services allowed except full body massage effective August 01 | 75% effective July 16 |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY

JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| All other establishments offering personal care (except full body massage) and aesthetic procedures and services | not allowed | not allowed | 30% effective August 01 | 50% |
| **Gyms/Fitness studios and Sports Facilities** | not allowed | not allowed | 30% | 50% |
| *Gyms and Fitness studios* | | | effective August 01; limited to individual workouts only. Group workout sessions composed of two (2) or more persons (e.g. zumba, yoga, pilates, etc.) shall be strictly prohibited. | |
| *Sports Facilities: limited to non-contact sports and other forms of exercise such as walking, jogging, running, biking, golf, swimming, tennis, badminton, equestrian, range shooting, and skateboarding* | | | outdoor setting only;<br>restaurants and cafes therein allowed at 30% venue capacity only with maximum operating hours up to 11 PM | outdoor and indoor setting allowed |
| **Testing and tutorial centers** | not allowed | not allowed | 30% effective August 01; maximum of 10 pax inside the venue subject to compliance with social distancing protocols | 50% |
| **Review centers** | not allowed | not allowed | 30% effective August 01; only for health-related professions (i.e., physicians | 50% |
| **Internet cafes** | not allowed | not allowed | 30% effective August 01;<br>only for work or educational purposes | 50% only for work or educational purposes |
| **Drive-in cinemas** | not allowed | not allowed | 30% effective August 01 | 50% |
| **Pet grooming services** | not allowed | not allowed | 30% effective August 01 | 50% |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

| BUSINESS ESTABLISHMENTS/ACTIVITIES | ECQ | MECQ | GCQ | MGCQ |
|---|---|---|---|---|
| **CATEGORY IV** | | | | |
| Language, driving, dance/acting/voice schools | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Entertainment industries (e.g., traditional cinemas, theaters, etc.) | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Libraries, archives, museums and cultural centers | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Tourist destinations (e.g., water parks, beaches, resorts) | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Travel agencies, tour operators, reservation service and related activities | not allowed | not allowed | skeleton primarily to do administrative works such as the processing of refunds and payments to suppliers | 50% |
| Full-body massage | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Tattoo & body piercing | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| Live Events (subject to DOT Guidelines on Meetings, Incentives, Conventions, Exhibitions & Business Events (MICE Events) | not allowed | not allowed | not allowed | 50% |
| **NEGATIVE LIST: BUSINESS ACTIVITIES NOT ALLOWED TO OPERATE IN AREAS DECLARED UNDER ANY FORM OF COMMUNITY QUARANTINE** | | | | |
| Holding of traditional cockfighting & operation of cockpits | | | | |
| Beerhouses & similar establishments whose primary busines is serving of alcoholic drinks (e.g. Nightclubs) | | | | |
| Kid amusement industries (e.g., playrooms, rides) | | | | |

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

## Customer/Visitor Contact Tracing Form

*(DTI encourages customers to register at and use staysafe.ph, an IATF-endorsed contact tracing application)*

Full Name of Customer/Visitor (Required): ____________________ Mobile # (Required): ____________ Email Address: ____________

Complete Current Address (Required): ________________________________________

I hereby authorize (Name of Establishment) ______________________, to collect my data indicated herein the purpose of contact tracing and effecting control of COVID-19 transmission. I understand that my personal information is protected by RA 10173 or the Data Privacy Act of 2012, and that this form will be destroyed after 30 days from the date of accomplishments, following the protocols of the National Archives of the Philippines.

Signature (Required): ____________________

| Date and Time of Service: | Table/Seat Number/Location: |
| --- | --- |
| | |

Note to Establishment:

1. Forms collected should be filed properly to ensure confidentiality. Visitors should not be able to view accomplished forms. Establishments are enjoined to use a drop-box for this purpose.
2. Accomplished forms shall be retained for only 30 days from the date of accomplishment; those unutilized for contact tracing shall be destroyed after the said period in such a way that personal information shall be obliterated (e.g., shredding/cutting/soaking).
3. The line list should only be accessed by a designated public health authority (LGU Health Officer), and should only be utilized for the purposes of contact tracing.

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry

# ANNEX III-2

**ANNEX J**

## Personnel Health Declaration Form

*(DTI encourages customers to register at and use staysafe.ph, an IATF-endorsed contact tracing application)*

Full Name of Personnel (Required): ____________________ Mobile # (Required): ____________ Temperature: ________

Complete Current Address (Required): ________________________________________

| | | Answer | |
|---|---|---|---|
| | | Yes | No |
| 1. Are you experiencing: (*nakakaranas ka ba ng:*) | a. fever (*lagnat*) | ☐ | ☐ |
| | b. cough and colds (*ubo at sipon*) | ☐ | ☐ |
| | c. body pains (*pananakit ng katawan*) | ☐ | ☐ |
| | d. sore throat (*pananakit ng lalamunan/masakit lumunok*) | ☐ | ☐ |
| 2. Have you had face-to-face contact with a probable or confirmed COVID-19 case within 1 meter and for more than 15 minutes for the past 14 days? *(May nakasalamuha ka ba na probable o kumpirmadong pasyente na may COVID-19 mula sa isang metrong distansya o mas malapit pa at tumagal ng mahigit 15 minutos sa nakalipas na 14 araw?)* | | ☐ | ☐ |
| 3. Have you provided direct care for a patient with probable or confirmed COVID-19 case without using proper personal protective equipment for the past 14 days? *(Nag-alaga ka na ba ng probable o kumpirmadong pasyente na may COVID-19 ng hindi nakasuot ng tamang personal protective equipment sa nakalipas na 14 araw?)* | | ☐ | ☐ |
| 4. Have you travelled outside the Philippines in the last 14 days? (*ikaw ba ay nagbyahe sa labas ng Pilipinas sa nakalipas na 14 na araw?)* | | ☐ | ☐ |
| 5. Have you travelled outside the current city/municipality where you reside? *(Ikaw ba ay nagbyahe sa labas ng iyong lungsod/munisipyo?)* If yes, specify which city/municipality you went to *(Sabihin kung saan):* ____________ | | ☐ | ☐ |

I hereby authorize (Name of Establishment) ____________________, to collect my data indicated herein the purpose of contact tracing and effecting control of COVID-19 transmission. I understand that my personal information is protected by RA 10173 or the Data Privacy Act of 2012, and that this form will be destroyed after 30 days from the date of accomplishments, following the protocols of the National Archives of the Philippines.

Signature (Required): ____________________ Date & Time of Shift: ____________________

Note to Establishment:

1. Forms collected should be filed properly to ensure confidentiality. Visitors should not be able to view accomplished forms. Establishments are enjoined to use a drop-box for this purpose.
2. Accomplished forms shall be retained for only 30 days from the date of accomplishment; those unutilized for contact tracing shall be destroyed after the said period in such a way that personal information shall be obliterated (e.g., shredding/cutting/soaking).
3. The line list should only be accessed by a designated public health authority (LGU Health Officer), and should only be utilized for the purposes of contact tracing.

CERTIFIED TRUE PHOTOCOPY
JOEL R. CRUZ
Director, HRAS
Department of Trade & Industry